

Kopkoppatti

hango sa salaysay ni Arfonso
Nacleo

Noong unang panahon, may isang matandang nagngangalang Wawwus. Mag-isa lamang siya sa buhay. Walang asawa, walang anak.

Isang araw, nagtungo siya sa gubat sa Furor para magtabas upang magkaroon siya ng mapagtataniman ng kanyang makakain. Malawak din ang lugar na nalinis niya nang araw na iyon. Nang malapit nang gumabi, umuwi siya para magpahinga.

Kinaumagahan, bumalik siyang muli sa Furor upang dagdagan pa ang kanyang pinagtabasan. Laking gulat niya nang makita niyang masukal nang muli ang lahat ng kanyang tinabas at nilinis! “Pinutol ko naman ‘yung kahoy pero bakit nakatayo silang lahat ulit? Tinapyas ko ang mga talahib pero bakit mahahaba na naman?” tanong niya sa sarili. Kinabahan siya, naisip niyang baka palatandaan ito na malapit na siyang mamatay. Hindi niya maisip kung papaanong maaaring mangyari ang nakikita niya ngayon.

Bagama’t nagtataka, nagpasya siyang tabasan muli ang lugar upang makita kung tutubong muli ang mga puno, sibit, talahib at iba pang mga pinagpuputol niya. Nang matapos, umuwi siyang muli para magpahinga.

Sa ikatlong araw, bumalik siya sa gubat upang alamin kung ano ang nangyari sa kanyang pinagtabasan. Ngunit tulad ng kanyang inaasahan, nakatayo nang muli ang lahat ng kanyang mga pinutol.

“Ano kaya ang gagawin ko dito? Di maaari ito! Ano kaya ang nagpapatubo dito?” tanong niya sa sarili. Kahit lubha

siyang nainis, naisip niya, “Alam ko na, tatabasin ko ulit at hindi ako uuwi. Babantayan ko kung ano ang mangyayari. Titingnan ko kung paano sila tutubo.” Tulad ng dati, tinabas niyang muli ang lahat. Nang matapos ang araw, sa halip na umuwi, nagtago lamang siya sa tabi ng kanyang pinagtabasan upang magbantay.

Sa pagkagat ng dilim, kitang-kita niyang may dumating na isang matandang babaeng payat na payat. Buto na lamang ang bumubuo sa katawan nito. Lumapit ang matandang babae sa pinagtabasan ni Wawwus. Habang palundag-lundag, sinambit ng babae ang:

Boros, lumusog-lusog.
Ban-ong, umusbong-usbong.
Puno, lumago-lago.
Sibit, pumilipilit.

Hindi makapaniwala si Wawwus sa kanyang nasaksihan dahil habang nagsasalita ang babae, bumabangon ang mga putol na puno, pumulu-pulupot ang mga baging ng sibit. Bagama’t namamangha nangibabaw kay Wawwus ang galit. Lumabas siya sa pinagtataguan at sinigawan ang babae. “Hoy! Ikaw pala ang nagpapatubo ng aking mga tinatabas. Huwag kang magtangkang tumakas at kung hindi, bibiyakin ko ang ulo mo!”

Nilapitan ni Wawwus ang babae na ngayo’y naniniklop sa takot. “Huwag! Huwag! Huwag mo akong patayin!” pagmamakaawa ng babae.

“Sino ka ba at bakit mo ako pinapagod?” galit na tanong ni Wawwus. “Pinagod mo ako noong mga nakaraang araw at kanina.”

“Kopkoppatti ang pangalan ko,” sagot ng matanda. “Bakit mo kasi tinatabasan ito, e taniman ko naman ito.”

“Kung taniman mo ito, bakit hindi mo nililinis?” tanong ni Wawwus.

“Pinapatubo kong muli ang mga tinabas mo dito dahil diyan pumupulupot ang aking mga pipino. Tingnan mo ang mga pipino ko, marami na ang nahablot mo. O siya, babayaran na lang kita para sa pagpapagod mo. Halika sa bahay ko para makuha mo 'yung banga ko.”

“Nasaan ang bahay mo?” tanong ni Wawwus.

“Diyan lamang sa baba,” sagot ni Kopkoppatti. Sumunod naman si Wawwus.

Naglakad sila pababa hanggang makarating sa Kialliw. Sinundan nila ang sapa hanggang madatnan nila ang isang malaking batong nakaharang sa daan. Isiningit ni Kopkoppatti ang kanyang paa sa mga puwang sa bato upang umakyat at maya-maya pa'y nasa ibabaw na siya nito. Nilingon niyang payuko si Wawwus at nagsabing, “Tatakas na ako, wala ka nang magagawa.”

Sinubukan ni Wawwus na kumapit ngunit dumudulas siya sa malaking bato. Dumampot siya ng isang malaking bato at pinagbantaan niya si Kopkoppatti. “Sige, tumakas ka at babatuhin kita nito para mabasag ang ulo mo!” sabi niya.

Natakot si Kopkoppatti. “Ay, huwag, huwag mo akong batuhin. Hahawiin ko na lamang para sa iyo ang dadaanan mo,” sabi niya kay Wawwus. Pagkatapos, kinuha ni Kopkoppatti ang isang inanod na sanga at inukitan niya ang malaking bato upang magkaroon ng maaapakan paakyat si Wawwus. Umakyat si Wawwus at sabay na silang lumakad ni Kopkoppatti hanggang sa bahay ng matanda.

Waring isang malaking bato ang bahay niyang gawa sa putik. Mga patpat ang mga poste nito sa ilalim. Pumasok sila sa loob. Nakita ni Wawwus na nakapaligid sa loob ng bahay ang mga banga, kiangsa at palayok. Gawa sa putik

ang banga ni Kopkoppatti. Sa malapit na sapa, ipinang-igib ni Kopkoppatti ang banga. Pagkatapos nag-ipon siya ng mga patpat, sanga at ugat ng kahoy na inanod ng tubig sa sapa upang ipangatong. Gumawa siya ng apoy at isinalang niya doon ang banga. Sinabihan ni Kopkoppatti si Wawwus, “Sige, tumalikod ka para makapagluto ako ng kakainin natin.”

Talikuran silang dalawa. Sinisilip ni Wawwus ang ginagawa ni Kopkoppatti habang pilit namang ikinukubli nito ang kanyang niluluto.

Hindi makapaniwala si Wawwus sa mga nasilip niya. Nang kinuha ni Kopkoppatti ang *fianiw* para sa kanin at hinalo-halo iyon, biglang kumulo ang tubig sa loob at umapaw ang kanin kahit hindi naman ito nilagyan ng bigas. Pagkatapos alisin ni Kopkoppatti ang banga sa apoy, kumuha ito ng isa pa, nilagyan ng tubig at isinalang din sa apoy. Kumuha ng sandok si Kopkoppatti upang haluin ang nakasalang na banga. Hinalo-halo niya ang tubig at bigla na lamang itong kumulo at nagkaroon ng dalawang pirasong karneng inilalaga. Nang maluto na, inalis ito sa apoy.

“Sige, humarap ka na,” sabi ni Kopkoppatti kay Wawwus. “Luto na ang pagkain natin.” Sinandok niya ang kanin at karne sa banga at kumain sila.

Matapos makakain, nagsalita si Kopkoppatti, “Pumili ka ng kukunin mo, ’yung banga, ’yung kiangsa o ’yung malaking palayok.”

“Mayroon na akong malaking palayok,” sabi ni Wawwus, kahit wala naman siya nito.

“E, ’yung malaking banga?”

“Mayroon na rin akong malaking banga,” sabi ni Wawwus, kahit wala rin naman siya nito.

“Yung kiangsa, gusto mo?”

“Mayroon na rin akong kiangsa,” sagot muli ni Wawwus. Wala naman siya ng lahat ng tinanggihan niya.

Tumayo si Wawwus at pinuntahan ang fianiw at sandok na ginamit ni Kopkoppatti sa pagluluto. “Ito ang kukunin ko,” sabi niya sa matandang babae.

Humagulgol si Kopkoppatti, “Huwag mong kunin iyan dahil magugutom ako,” pagmamakaawa niya. “Ano na ang kakainin ko?”

“E, ito ang gusto kong kunin,” pagmamatigas ni Wawwus.

“Paghatian na lang natin ’yang fianiw at sandok,” sabi ni Kopkoppatti.

Pumayag naman si Wawwus at pinaghatian nila ang fianiw at sandok, naging maliliit.

Bago umalis si Wawwus ay pinagbalaan siya ni Kopkoppatti. “Pagkatapos mong maiwi ang fianiw at sandok, huwag kang magmalaki sa iba. Huwag mong ikukuwento na diyan ka kumukuha ng makakain mo dahil mawawalan sila ng kapangyarihan. Sa oras na ipagmalaki mo ito, maging ang kalahating fianiw at sandok na nasa akin ay mawawalan din ng kapangyarihan at mamamatay ako sa gutom.”

Nang makauwi na sa kanila si Wawwus, agad niyang sinubukan ang kapangyarihan ng fianiw at sandok. Naglagay siya ng tubig sa isang banga at isinalang niya ito sa apoy. Kinuha niya ang fianiw at ipinanghalo niya ito. Bigla na lamang napuno ng kanin ang banga. Nagsalang siya ng isa pang banga at ginamit niya ang sandok upang haluin ang tubig. Naramdaman na lamang niya na mayroon nang laman ang banga. Nang kanyang silipin, nakita niya ang isang kapisasong karne. Husto lamang ang ulam para

sa isang tao ngunit maaaring hatiin para mapakain ang dalawa.

Simula noon, nangangahoy na lamang si Wawwus para may magamit na panggatong. Hindi na siya nagtatanim at hindi na siya nangangaso o nag-aalaga ng baboy. Napabayaan na niya ang kanyang payyiw at ang iba pa niyang taniman sapagkat hindi na niya kailangang magbanat ng buto upang makakuha ng makakain.

Lumipas ang maraming taon, napakinabangan ni Wawwus ang fianiw at sandok. Napansin ito ng kanyang mga kapitbahay. Nagtataka sila kung paanong nakakakain si Wawwus nang hindi man lang siya nagtatanim, nag-aalaga ng hayop o nangangaso. Kung minsan, sumisilip sa bahay ni Wawwus ang iba sa kanila. Nagugulat sila na kanin pa ang kinakain ni Wawwus sa panahong madalang ang bigas, at kamote lamang ang naaani ng iba. Lalo pa silang nagtataka na karne pa ang inuulam ni Wawwus gayong di naman siya lumalabas para mangaso o mag-alaga ng hayop.

Isang araw, nagkatay ang isang kapitbahay ni Wawwus ng pinalaki nitong baboy. Inimbita niya si Wawwus sa handaan. Dahil kaibigan, nagpaunlak si Wawwus.

Dahil may *fiayas*, di nagtagal nalasing si Wawwus. Sa kanyang pagkalasing, nagsimula itong magyabang. Naibida ni Wawwus ang kanyang mahiwagang fianiw at sandok.

Hindi agad makapaniwala ang kanyang mga kaibigan. “Sige nga, pumunta tayo sa bahay mo para mapatunayan ang sinasabi mo,” hamon nila kay Wawwus.

Dahil sa kalasingan, tinanggap niya ang hamon ng kanyang mga kaibigan. Nagpunta sila sa bahay ni Wawwus. “Diyan muna kayo sa labas at magluluto ako sa loob,” sabi ni Wawwus.

Naupo na lamang sa labas ang limang kaibigan ni Wawwus. Pumasok si Wawwus sa kanyang bahay at nagsalang ng banga sa apoy. Kinuha niya ang sandok at inihalo-halo niya ang tubig sa banga.

Nainip ang mga kasama ni Wawwus dahil natagalan si Wawwus sa loob. Sinilip nila si Wawwus. “Bakit hinahalo-halo niya lang?” tanong nila sa isa’t isa. Biglang lumabas ng kanyang bahay si Wawwus na pinagpapawisan ang buong katawan at umiiyak.

Nagtataakang tinanong ng kanyang mga kasama kung bakit siya umiiyak.

“Nawalan ng bisa ang mahiwagang fianiw at sandok na ibinigay sa akin ni Kopkoppatti,” paliwanag ni Wawwus. “Tiyak na magugutom ako.”

“Saan mo ba nakuha ang mga iyan?” tanong ng mga kasama niya. Isinalaysay ni Wawwus ang lahat ng mga pangyayari.

“E di bumalik ka doon para kunin ang kanyang malaking palayok, banga at kiangsa,” sabi naman ng kanyang mga kasama.

Kinaumagahan pumunta siya sa bahay ni Kopkoppatti sa Kialliw. Ngunit naglaho na ang bahay na bato. Hinanap niya ngunit hindi niya ito natagpuan. Nabigo ang pakay niyang makuha pa ang malaking palayok, banga at kiangsa. Pinagsisihan din niya ang kanyang pagmamayabang na naging sanhi ng pagkawala ng kapangyarihan ng fianiw at sandok.